

# Antas ng Alerto at kahilingan para sa Kooperasyon

	Pasanin sa Sistema ng Medikal			Pag Monitor	Sitwasyon ng Impeksyon		
	Bilang ng Higaan	Para sa mga magiging malalang pasyente	Mga pasyente	May Positibong resulta	Panibagong bilang ng kaso	Kumpara sa nakaraang linggo	% ng di matunton na mga kaso
<b>10/27</b>	<b>151</b> higaan	<b>2</b> higaan	<b>pataas</b>	<b>pataas</b>	<b>291</b> tao/linggo	<b>pataas</b>	<b>42%</b>
<b>10/26</b>	<b>150</b> higaan	<b>3</b> higaan	<b>pataas</b>	<b>pataas</b>	<b>295</b> tao/linggo	<b>pataas</b>	<b>42%</b>
Pamantayan ng Antas o lebel 2	<b>150</b> higaan	<b>15</b> higaan	<b>pataas</b>	<b>pataas</b>	<b>107</b> tao/linggo	<b>pataas</b>	<b>50%</b>

**Ang antas ng alerto ay tataas hanggang lebel 2 simula Oktubre 28**

# Mga Pangunahing kaalaman ukol sa 「Lebel 2 ng Alerto」

■ Ang Lebel 2 ng Alerto ay sinasabi na unti-unting pagdami o paglawak ng impeksyon

■ Kung maaari, habang pinapaliit ang epekto sa ekonomiya, sa lebel pa lang na ito ay gawin nang mabuti ang mga panlaban sa impeksyon.

**Napaka importanteng panahon upang maitatag kasabay ng mga aktibidades ng Ekonomiya.**

**Panahon ng sapilitang pagsagawa ng mga Panlaban**

**Panahon ng sapilitang pagsagawa  
ng mga Panlaban**

**10/28 (Miyerkules) ~ 11/10 (Martes)  
( 2 Linggo )**

# **Sapilitang pagsasagawa ng mga panlaban upang maiwasan ang paglawak ng impeksyon**

- ① Hinihiling sa mga mamamayan ng Hokkaido ang pakikiisa na isagawa ang nakatala sa Special Measure Law Article 24 Item 9**
- ② Gawing mas lubos ang pagsagawa ng mga panlaban upang hindi lumawak ang impeksyon sa Hokkaido**

Iwasang lumabas ng  
tahanan kung may lagnat  
o anomang sintomas ng  
sipon at nakakaramdam  
ng panghihina ng katawan.



**Maaaring tawagan o kumunsulta sa oras na hindi maganda ang pakiramdam**

**Kung sakaling hindi maganda ang ating pakiramdam**

**Hokkaido Health Support Center – COVID 19**

**0800-222-0018** (Libreng tawag)  
**ang ating tawagan**

※Residente ng Sapporo, galing sa ibang bansa • Support Center para sa mga nakahalubilo ng may impeksyon ( #7119), para residente ng Asahikawa, Hakodate, Otaru, tayo po ay kumunsulta sa ating munisipyo.

※Para sa interpretasyon, kumunsulta sa Hokkaido Foreign Resident Support Center (011-200-9595)

Upang makaiwas sa peligro ng impeksyon,

Sa oras ng inuman, pagkatapos ng trabaho, oras ng break, kung bibisita sa mga may edad at iba pa,



Magsuot ng Mask at wastong paghuhugas ng kamay



## **Mga halimbawa ng suspektadong kaso dahilan sa hindi pagsuot ng Mask**

**○ Pagbibigay ng serbisyo sa parukyano sa lugar ng inuman at kainan,**

**• Pagbibigay serbisyo sa mahabang oras na walang suot na mask**

**• Hindi pagsusuot ng mask ng parukyano**

**○ Pag uusap sa oras ng break, sa loob ng dressing room, smoking area na walang suot na mask**

**○ Pagkanta ng karaoke sa malakas na boses na walang suot na mask**

**Ang pag uusap nang matagalan at walang suot ng mask sa loob ng gusali o kahit sa labas ay makakapagbigay ng mataas na peligro ng impeksyon**



# Mga Lugar na madaling tumaas ang peligro ng Impeksyon


## 1 Lugar ng Inuman



Nakakalimutan ang pag-iingat kapag marami nang nainom na alak

## 2

Oras ng Break at pagkatapos ng trabaho



Dahilan sa pagiging kampante sa pag-iingat, nag-uusap nang walang suot na mask

## 3

Pamumuhay kasama ng maraming tao



Dahilan sa palaging magkasama sa anumang kilos, madali ang paglawak ng impeksyon

## 4 Nakakahingal na Ehersisyo



Pagsasagawa nito sa isang kulob o masikip na lugar na kung saan madaling maipon ang virus


## 5

Bago at pagkatapos lumabas ng gusali tahanan



Ang 3 C ay madaling mangyari sa pagsakay at pagkain sa loob ng sasakyan


**Paghahanda sa pagsagawa ng  
「teleworking」 o pagtatrabaho sa tahanan**



**Pagpapatuloy ng 「Iba't ibang  
oras ng pagpasok sa trabaho」**



**Paggamit ng 「COVID-19 Contact Confirming  
Appli(COAO)」at  
「Hokkaido Corona Notification System」**



○Pagdaragdag ng linya ng telepono para sa Pangkalahatang Konsultasyon upang lalong maging mabuti ang Sistema nito

○Pagpapalakas ng Sistema ng Medikal para sa mga may lagnat na pasyente sa pamamagitan ng pagkunsulta, eksameng medikal, at pagsusuri na isinagawa ng mga pangunahing manggagamot

○ Pagpapakilala ng behikulo sa pagkuha ng eksamen, at masidhing pagsasagawa ng PCR Test PCR Test sa lugar na kumakalat ang impeksyon

○ Pagpapalaki ng Sistema para sa mabilisang pagtugon ayon sa mga pampublikong health center ng bawat subprefecture sa oras ng pagdami ng kaso ng impeksyon dulot ng cluster.

Behikulo para sa pagkuha ng eksamen



May mga sapat na gamit para sa pagpigil ng impeksyon, may divider para sa bawat i-eksamen at may aircon na gagawa ng magkaibang hangin sa loob at labas ng behikulo

○ Panawagan sa Pagsagawa ng mga pag aaral sa pakiisa ng mga munisipalidad at rehiyon

○ Paghikayat sa mga kompanya na isagawa ang Bagong Istilo ng Hokkaido at paghahanda sa pagsagawa ng teleworking at iba pa.

**○ Mas lalong pagbutihin ang Sistema ng eksamen**

**○ Masidhing panawagan sa mga lugar ng inuman at kainan na kung saan maraming taong nagtitipon**

**Support Center para sa Residente ng Sapporo**

**Emergency Medical Support  
Center-Sapporo**

**(Galing ibang bansa • Support Center para sa  
nakahalubilo ng may impeksyon)**

**「 # 7 1 1 9 」**

**Pangkalahatang Konsultasyon**

**011 – 632 – 4567**

**※Para sa interpretasyon, tumawag sa Hokkaido Foreign Resident Support Center (011-200-9595)**